

SITAW



Ang sitaw, na binansagang “karne ng mahirap” ay mayroong pinakamalaking produksiyon kung ihahambing sa ibang legumbre. Mayaman ito sa sustansya lalo na sa protina.

Ang mga uri: Black-seeded, Red-seeded, White Singapore, Green and Purple Pods at Bush Sitao at pinagbuting uri ng UP College of Agriculture.

Maitatanim ang sitao sa lahat na uri ng lupa at lalong mabuti kung ang lupa ay buhaghag. Maitatanim rin ito sa buong taon.

Paraan ng Pagtanim

Araruhin at suyurin nang 2-3 ulit ang lupang taniman upang ito’y maging pino at buhaghag. Magtanim ng 2-3 binhi sa lalim na 3 sentimetro sa bawat tundos na may 60-80 sentimetrong agwat sa bawat tudling na may isang metrong pagitan. Maglagay ng tulos sa bawat tundos kapag sumibol na ang tanim.

Maglinang nang minsan o dalawang beses at mag-alis ng damo.

Patubigan ang pananim tuwing ika-10 araw kung tag-araw.

Maglagay ng abono sa mga tudling bago magtanim. Kakailanganin ang 250 kilong abono sa bawat ektarya.

Ang mga murang bunga na panggulay ay maaani pagkaraan ng 60-80 araw pagkatanim. Ang mga tuyong bunga ay maaani pagkaraan ng tatlong (3) buwan.

Ang mga uod, uwang, langaw (bean-fly) at kuto (aphids) sa halaman ang mga peste na sumisira sa pananim na sitao. Upang mapangalagaan ang mga pananim, magbomba ng Sevin kung kinakailangan.

PIPINO



Ang pipino ay isang uri ng pananim na gumagapang at ang bunga nito ay ginagawang atsara. Masarap itong pampagana.

Ibat-ibang uri:

- **Pang-atsara** – Chicago Pickling, Ohio MR 17, WisconsinSMR 15, Pixie SMR 59
- **Pang-ensalada** – Table green at Satico Hybrid, Ashely, Marketeer, Submarine, Polaris

Makatutubong mabuti ang pipino kung itanim ito pagkatapos ng tag-ulan, mula Nobyembre hanggang Enero. Tumutubo itong mabuti sa malabo at buhaghag na lupa na may 500 sentimetrong taas mula sa kapatagan ng dagat.

Paraan ng pagtanim

Maaaring itanim sa isahan o dalawahang hanay, subalit lalong mabuti kung sa dalawahang hanay, pagkat marami ang maitatanim. Itanim ang 3- 4 na binhi sa bawat tundos na 30-40 sentimetrong agwat sa hanay. Sa sandaling sumibol ang mga punla, bawasan ang punla at mag-iwan lamang ng 2-3 malulusog na tanim sa bawat tundos. Kung dalawang hanay, dapat 50 sentimetrong pagitan at tatsulok ang ayos ng mga tundos.

Maglagay ng balag kapag nagsimula nang gumapang sa lupa ang pananim upang hindi masira ang mga bunga.

Maglinang samantalang lumalaki ang pananim upang mamatay ang mga damo, maging mabuhaghag ang lupa at kumalat ang mga ugat. Patubigan kung kailangan. Huwag labis-labis ang patubig pagkat makasasama ito. Sa malawakan at pangkomersyal na pagtanim, maaaring magsalit-tanim ng mais, okra at iba pa.

Kapag walang compost, gumamit ng abonong komersyal. Sa panahon ng pagtanim, maglagay ng 6 na sakong ammonium sulfate, o 126 kilo ng purong nitroheno, o kaya'y 3 sako ng urea o 135 kilo ng purong nitroheno sa bawat ektarya. Magbudbod sa gilid ng pananim ng complete fertilizer sa daming 150-200 kilo sa bawat ektarya. Ang mga mapaminsalang kulisap sa pipino ay ang kuto ng halaman, squash bug o uwang. Ang karaniwang sakit nito ay downy mildew at powdery mildew

OKRA



Ang okra ay taunang pananim na maitatanim sa maraming uring lupa at klima. Maaari rin itong ilaga o ihawin at lagyan ng suka at bawang, at inilalahok ito sa ibat-ibang lutuin na may karne at isda.

Ang iba't-ibang uri nito ay: Lady Finger, Long Green, Long Ribbed, White Velvet, at ang mga uring banyaga ay ang Clemson, Spineless, Emerald, Levadian at Perkin Dwarf.

Ang okra ay tumutubo sa anumang uri ng lupa, subalit mahusay ang buhaghag at buhanginin o lagkitin at sa kababaan.

Paraan ng Pagtanim

Ihandang mabuti ang bukid. Araruhin at suyurin ang lupa nang dalawa o tatlong ulit.

1. Ihulog ang mga buto sa maliliit na butas sa mga tudling na 70 sentimetro hanggang isang metrong pagitan.
2. Itanim ang binhi sa mga tundos na 50 sentimetro ang agwat sa mga tudling na 80 sentimetro pagitan sa daming 5 kilong binhi sa bawat ektarya. Maggamas at maglinang. Diligin araw-araw.

Anihin ang mga bunga sa sandaling umabot sa hustong gulang. Ang mapaminsalang kulisap sa okra ay ang kuto ng halaman, ngusongkabayo, “flea beetles”, at mga uod (corn earworm at cutworm). Ang pangkaraniwang sakit nito ay mosaiko (mosaic) at “root knot nematode”. Ito’y masusugpo kung mapangalagaan ang pananim sa pamamagitan ng pag-alis ng mga may sakit na tanim at pagpuksa sa mag kuto sa halaman na nagdadala ng sakit na ito.

ORGANIKONG TALONG



Gamit: Gulay at ulam: prito, torta, ginataan, binuro, inihaw, nilaga, pansahog
Gamot: diabetes, hika, cholera at bronchitis, pampagana, pmpababa ng cholesterol

Lupa at Klimang Kailangan

Maitatanim anumang buwan saan mang lugar sa Pilipinas
Mas mainam sa buhaghag na lupa na hindi tinitiningan ng tubig, pH: 5.6-6.5
Maitatanim sa maaraw man o may lilim

Mga Varieties Pang-organiko

Lilang haba- Dumaguete Long Purple, Mara 89-002, Llamado
Berde- Concepcion, Araya Lilang guhitan-Mistisa (A 300)

Pagpunla: 200-300 gramong buto para sa isang hektarya

Kamang punlaan

- Maghanda ng kamang may isang metro ang lapad
- Iwasan ang lugar ng binabaha at sobrang malalim
- Haluan ng binulok na dumi ng hayop o compost at inuling na ipa(INI)
- Tambakan ng ipa at silaban upang maiwasan ang pagkatuba (damping-off)
- Diligan ng punlaan at linyahan ng pahalang na may pagitang 10-15 cm
- Ibudbud ng madalang ang buto at tabunan ng manipis na compost
- Kiliban ng ipa o dayami at muling diligan
- Bubungan ng plastic o net kung tag-ulan
- Diligan ng tea manure kung kulang sa sigla ang seedlings
- Maglipat mula sa makapal na sibol sa madalang ang sibol
- Maaari ding gumamit ng lukong at nursery tray para mas maganda ang punla

Paghahanda ng Lupang Taniman

- Araruhin at suyurin ang lupa ang taniman at may ballot na plastic mulch upang makabawas sa damo, dilig at mas gumanda ang halaman

- Haluan ng dumi ng hayop at INI ang taniman 10-20 tonelada bawat hektarya o 1-2 kilo bawat metro kuwadrado

Paglalagay ng Plastic Mulch

- Kamang may lapad na isang metro at anumang haba
- Pagkahalo ng manure at compost ilatag ang plastic mulch na may lapad na 1.2 m
- Ang kulay tingga ang sa ibabaw at itim ang ilalim
- Ipitin ng lupa ang isang dulo at irolyo ang plastk patakip sa kama
- Mas mainam na mag plastic mulch kung kainitan upang mahapit ito ng husto
- Butasan ang plastik ng ½ ang pagitan, 2 linya sa kama
- Gumamit ng pinainit na lata sa pagbubutas

Paglilipat ng Tanim

- Makapaglilipat tanim 4 na lingo pagkapunla
- Ang linya o iras ay may pagitang 1-1.2 metro
- Diligan bago at makatapos magtanim
- Kiliban ng dayami o damo

Pag-aalaga

- Patubigan tuwing ika- 7-10 araw o kung kinakailangan
- Damuhan ang puno ngunit magtiran ng damo sa pagitan ng daanan
- Diligan ng tea manure minsan isang lingo kung kulang sa lusog ang halaman
- Patabaan ng manure at abo minsan isang buwan
- Putulin ang mga sanga at dahon sa ibaba ng unang bunga

Pag-aani

- Anihin ang bunga hanggang bata pa upang makaiwas sa mambubutas
- Ihiwalay ang may sira sa wala
- Hugasan sa malinis na tubig at patuyuin sa lilim
- Iwasang mabilad sa arawan
- Mas mainam na lalagyan ang plastic crate na may saping dahon ng saging o dyaryo
- Mas magtatagal kung nakalagay sa malamig na lugar

Pangangalaga Laban sa Peste

- Iwasan ang monocropping
- Magsalit tanim ng ibang gulay sa loob at paligid ng talungan
- Magtanim ng basil, Amarillo, sunflower, tanglad at okra sa paligid

KARUGTONG NG MALUNGGAY

Pag-ani

Ang puno ng malunggay ay tumataas ng 3-5 metro sa loob ng isang taon. Ito ay maaring umabot sa taas na 15-30 metro kung hindi puputulan. Ang isang punong tatlong taong gulang ay magbubunga ng 300 hanggang 400 na pirasong bunga sa loob ng isang taon. Ang mga punong mas matanda dito ay kayang

magbunga ng 1,000 bawat taon (Fuglie, et al). Makabubuting putulin ang puno ng 90 sentimetro mula sa lupa tuwing ikatlong taon upang mapanatili itong mababa at madaling abutin ang mga bunga.

KALABASA



Ang kalabasa ay kilalang gulay na mayaman sa bitamina A, mineral, posporus at kalsiyum.

Mag uri:

- Pantag-araw – White Bush Scallop o Patty Pan, Yellow Bush Scallop o Golden Custard, Yellow Crookneck, Yellow Straightneck, Casera, Cocozelle, Zuchine.
- Pantaglamig – Table Queen, Des Maines, Butter nut, Turban, Marblehead.

Ang mga uring ito ay makatutubong mabuti sa lupang lagkitin na hindi tinitigilan ng tubig. Maitatanim mula Abril hanggang Hunyo at mula Setyembre hanggang Pebrero.

Paraan ng Pagtanim

- Araruhin at suyurin ang bukid na pagtatamnan.
- Tuwirang itanim ang 3-4 buto sa butas na tatlong (3) sentimetro lalim sa bawat tundos na may 1.5 metrong agwat sa hanay ng mga tudling na 1.5 metrong pagitan.
- Pagkaraan ng isang linggo pagkatanim, bawasan ang tanim sa bawat tundos, at mag-iwan lamang ng 2 malulusog.
- Magpatubig lamang sa katamtamang dami.
- Isagawa ang mababaw na pagbubungkal bago kumalat ang mga baging sa lupa, upang mapanatiling buhaghag at mahalumigmig ang lupa at hindi pati makatubo ang mga damo.
- Maglagay ng abono at hayaang gumapang sa lupa ang mga baging. Magani habang mura pa ang mga bunga, bago tumigas ang balat.

Ang “Yellow beetle” ang pinakamapaminsalang kulisap sa kalabasa. Upang mapuksa ito, bombahin ang mga pananim ng Malathion. Kung laganap ang sakit ng kalabasa, maaaring gumamit ng Manzate o Dithane.

AMPALAYA



Ang ampalaya o bitter melon/bitter gourd sa ingles ay may siyentipikong pangalan na *Momordica Charantia*. Ito ay mayaman sa kalsiyum, mineral, karbohaydreyt at Bitamina B. Ang gulay na ito ay mainam sa taong may diabetes, batay sa mga siyentipikong pagsusuri.

Ito ay pwedeng maitanim sa lahat ng dako ng Pilipinas. May dalawang uri ng ampalaya na pwedeng itanim: ang puti at berde. Sa kasalukuyan, ang berdeng klase ang karaniwang itinatanim.

Paraan ng Pagtatanim

Magtanim ng 4-5 binhi sa bawat tundos na 5 sentimetro lalim at 1 ½ hanggang 2 metro agwat sa hanay ng mga tudling. Pagkaraan ng ilang araw, bawasan ang pananim at mag-iwan lamang ng 2-3 malulusog na pananim sa bawat tundos.

Sa sandaling tumubo at gumapang ang mga baging ng ampalaya, bungkalin ang lupa sa paligid nito sa pamamagitan ng kamay o pang-ararong hila ng kalabaw. Gawin ito pagkaraan ng isang linggo.

Magtanim ng 4-5 kilong binhi sa bawat ektarya. Makapag-aani ng ampalaya pagkaraan ng 3-4 na buwan.

Upang mabawasan ang pamiminsala ng “melon fruit fly” sundin ang mga sumusunod:

1. Attractant – gumamit ng “attractant” (Que Lor) sa (5) limang lugal-painan bawa’t ektarya.

2. “Bagging” – balutin ng papel ang bunga ng ampalaya.

Ang “melon fruit fly” ang kulisap na gumagawa ng malalang pinsala sa ampalaya. Upang mapuksa at masugpo ang pamiminsala nito, gumamit ng solusyong “Foliafume-soap”. Ang karaniwang sakit nito ay panlalanta o “wilt”. Sugpuin sa pamamagitan ng pag-iiba-iba ng pananim at panatiliing malinis ang taniman.

MALUNGGAY



Mula sa buto

Ang magulang na buto ay may maitim hanggnang ‘brown’ at matigas na balat. Ibabad muna ang buto ng 24 oras. Hugasan ito ng malinis na tubig pagkaahon, isilid sa supot at ilagay sa tuyo at madilim na lugar. Ang buto ay tutubo sa loob ng 3-10 araw, susulpot sa isang dulo ang kulot na tubo na nagiging dahon samantalang sa kabilang dulo ay susulpot ang ugat. (Huwag hayaang humaba ng husto ang ugat sapagkat ito ay maring maputol at mamatay lamang.)

Paghahanda ng punlaan (nursery)

Ihanda ang pagpupunlaan. Maghalo ng isang takal na organikong pataba sa dalawang takal na lupa upang mamatay ang taglay nitong mikrobyo. Maari din namang hugasan ng gamot ang lupang pagpupunlaan gamit ang pinaghalong “fungicide” at pamatay kulisap. (Ang halo ay alinsunod sa habilin ng gumawa ng gamot).

Itanim ang buto na nasa taas ng tubong kulot. Tabunan ito ng 1-2 sentimetro kapal ng lupa o mas mababaw kung gagamit ng kilib na dayami. Ang kilib ay nakakatulong sa maraming paraan. Una, ang buto ay protektado ng kilib sa tuwing didiligan upang hindi maluslos ang lupa; ikalawa, ang punlaan ay banayad na matutuyo kung kaya’t maaring makamenos sa dilig, at; ikatlo, susupilin ng kilib ang mabilis na pagtubo ng mga damo.

Paglipat-tanim

Ilipat-tanim ang punlang malunggay kapag umabot na ito sa taas na isang metro (2-buwang edad sa pananim). Upang makasiguro na matatag na ang halaman sa pagdating ng tag-ulan, sikaping magtanim o maglipat-tanim mula sa buwan ng Nobyembre hang-gang Marso. Sa pagpili ng lugar na tatamnan, makabubuti kung ito ay may lupang buhaghag at hindi malulubog sa tubig, sagana sa sikat ng araw at napapaligiran ng mga punong magsi-silbing “windbreak” o pananggalang sa malakas na hangin. Ito ay sapagkat ang sanga ng halamang ito ay malutong kaya’t madaling mabali o mabuwal lalo’t kung mula ito sa pinutol na sanga. Kadalasan na mas matatag ang kapit sa lupa ng halamang mula sa buto kaysa kung ito ay pinatubo mula sa sanga.

Mula sa sanga

Piliin ang magulang na sanga. Ito ay maputla kung ihahambing sa murang sanga na kulay berde. Putulin ito ng pahilis sa magkabilang dulo sa habang 50 sentimetro hanggang 150 sentimetro ayon sa inaakalang dami ng pagkukunan ng sangang pangtanim at lawak ng tamtannan. Ilubog ito sa gamot na may pinaghalong “fungicide” at “insecticide” upang maiwasan ang pag-atake ng mga amag, insekto at hindi pamahayan ng langgam at anay. Itanim ng pahilig ang sanga, ibaon ang 1/3 ng haba nito sa lupa. Diligan kung kinakailangan. Tanyahin ang basa ng lupa sa pamamagitan ng pagdakot nito sa palad, pigain at ipormang bilog. Ang tuyong lupa ay hindi mabubuo. Ang sobrang basang lupat naman ay magtutubig kapag piniga. Ang kailangan ng malunggay ay tamang pagkabasa lamang.

Agwat ng pagtatanim

Inirerekomenda na itanim ang malunggay ng tatlong metro ang layo sa bawat isa kung ang mga ito ay pamumungahin o kukunan ng buto. Subalit maari ding mas malapit hanggang 10 sentimetro kung magpupukanan lamang ito ng murang dahon para sa paggawa ng “green tea” sa mas maikling panahon.

Ang agwat ng pagtatanim ay dapat iayon sa paggagamitan ng bahaging pang-komersyal.

Pag-aabono

Ang abonong phosphorus ay naka-katulong sa mabilis na pag-uugat ng halaman. Ang nitroheno mula sa orga-nikong pataba ay makakatulong sa mabilis na paglaki ng halaman. Sa mga lugar na lagkitin, inirerekomenda ang paggamit ng limang kilong organikong pataba o dumi ng hayop sa bawat butas na pagta-tamnan ng malunggay. Haluan ito ng isang kutsarang ammophos (16-20-0) kada puno. Ang ganitong pagpa-pataba ay dapat ulitin minsan isang taon. Ang dami ay dapat iangkop sa gulang ng puno.

LETSUGAS



Ang letsugas ay isang uri ng gulay na mayaman sa dietary fiber, protina, carbohydrates, bitamina A at C, iron, magnesium at potassium. Ang mga ito ay nakakatulong na napanatiling malinis ang dugo, pagkakaroon ng aktibong pag-iisip, at malusog na pangangatawan.

Ang mga sumusunod ay gabay sa pagtatanim, pangangalaga, at pag-aani ng letsugas sa loob ng greenhouse:

1. Uri/Klase ng Itanim

2. Panahon ng Pagtatanim

Ito ay maaaring itanim mula Setyembre hang-gang Disyembre.

3. Uri ng Lupa na Pagtaniman

Ang lupa na angkop na pagtaniman ng letsugas ay lagkitang galas na kung saan ang tubig ay hindi namamahay.

4. Pagpupunla

Upang hindi maaksaya ang buto, magpunla sa seedling tray na may 104 na butas. Maglagay ng soil medium na binubuo ng lupa, abo at patabang buhay (organic fertilizer) sa ratio na 1:1:1. Pagkatapos, maglagay ng soil medium, magtanim ng 2-3 buto bawat butas. Panatilihing basa ang lupa upang gumanda ang sibol ng punla. Patabaan ito ng isang dakot na potassium nitrate na nilusaw sa 10 litrong tubig. Pagkaraan ng 7-10 araw pag-katubo ng buto, maaari na itong ilipat-tanim.

5. Pagtatanim

Ilipat-tanim ang letsugas sa layong 25 sentimetro ang bawat hitera o linya at 25 sentimetro ang pagitan ng bawat halaman.

Maaari din itong “direct-seeded” ngunit ito ay nangangailangan ng mas maraming buto dahil kailangan magbawas kung makapal o depende sa laki ng tataniman. Ang isang greenhouse na may sukat na 100 metro kuwadrado ay mangangailangan ng 5 gramong buto ng letsugas.

5. Pagpapataba ng mga Tanim

Ang dami, klase at panahon ng pagpapataba ay ang mga sumusunod:

7. Pagpuksa ng Mapaminsalang Kulisap

Ang mga kulisap na maaaring maminsala ay ang cutworms o harabas, diamond-back moth at cabbage moth. Mag-bomba nang maaga at gumamit ng contact insecticides gaya ng Ascend o Karate.

Sundin ang rekomendasyon sa etiketa. Kung hindi maapat ang pagdami ng mga mapaminsalang kulisap, magsadya sa Fruits and Vegetables Seed Center o Research Office sa CLSU para sa kaukulang kaalaman sa pagpuksa sa mga ito.

8. Pagsugpo ng Damo

Ang mga tanim ay nangangailangan ng dalawang beses na pagdadamo hanggang sa ito ay anihin. Ang pagbunot sa mga damo ang karani-wang paraan.

9. Pag-aani

Ang letsugas ay maaari nang anihin tatlong linggo hanggang 35 araw pagkalipat-tanim. Kapag lumampas sa naturang araw ang pag-aani, ang lasa ay maaaring mapait.

BAWANG



Ang garlic o *bawang* ay isang uri ng halamang gulay na ginagamit sa pagluluto at pang-gagamot. Ginagamit ang mga butil bilang buto, pagkain hilaw, sa pag-luto at para sa pag-gagamot. Kamag anak ng garlic ang sibuyas.

Paghahanda:

Pumili ng maganda at malalaking butil na bawang. Paghiwa-hiwalayin ang butil nito mula sa magkakadikit na mga butil. Ibadad sa tubig ang mga butil sa loob ng tatlong minuto. Pagkalipas ng tatlong-minuto, kuhanin ang mga butil ng garlic at itanim sa mga tudling na inihanda. Tumutubo ang garlic sa panahon ng banayad na taglamig.

Pagtatanim:

Araruhin ang lupang pagtataniman ng bawang. Kada buwan ng Setyembre at Oktubre kadalasan ang pagtatanim. Pagkatapos ng pag-aararo, gumawa ng malalim na TUDLING sa pagitan ng malalim na pilapil na may isang metro ang lapad. Sa bawat pilapil, magbungkal ng tatlo na mas mababaw sa tudling para dito itanim ang garlic.

Panahon ng pag-aani:

Buwan ng Marso o Abril, nagsisimula ang pag-aani nito. Bunutin ang mga magulang “mature” na bawang at hayaang nakalatag sa bukid sa loob ng isang linggo. Pagkalipas ng isang linggo ay lanta na ito, tanggalin ang ugat at usbong nito at ilagay sa isang lalagyan na walang takip at hayaan nakabilad sa araw para matuyo. Kapag tama na ang pagkakatuyo nito ay puwede na ipagbili.

LUYA



PARAAN NG PAGTATANIM

1 kilong luya (buo) 2-3 kilong asukal (pagsamahin ang pula at puti) Paraan ng Paggawa: 1. Piliin ang mapuputi at murang luya. 2. Linisin at alisin ang may mga gasgas. Hugasan mabuti at timbangin. 3. Balatan ang luya. ng pananim at dapat may 2 o 3 mata. Huwag paaarawan. Depende sa klase ng luya, mga 800 hanggang 3,000 kg ng binhi ang kakailanganin sa 1 hectare. Para sa kakailanganing binhi, maaaring sumangguni sa Bureau of Plant Industry (BPI) San Andres, Malate, Manila 1004. n Ilagay ang binhi sa isang kaing. Ibadad ang kaing sa fungicide solution sa loob ng 15-30 minuto upang hindi amagin o mabulok ang binhi. n Para makagawa ng fungicide solution, tunawin ang 3-5 kutsarita Benlate W.P. Sundin lamang mabuti ang tamang rekomendasyon ng manufacturer na nakasulat sa etiketa. n Matapos ibabad, pahanginan ng 3 araw sa lilim ang binhi upang matuyong mabuti, bago itanim. n Araruhin at suyuring mabuti ang lupang pagtatamnan. Gumawa ng beds, 1 piye ang taa

Kumuha ng dayami (rice straws); ikalat sa ibabaw ng beds at silaban. Ito ang proteksiyon laban sa anumang mikrobyong naninirahan sa lupa na maaaring mapinsala sa binhing bagong tanim. Ito ay dapat gawin nang (3) tatlong beses. n Kung ang lupa ay buhaghag (sandy) magpataba ng 400kg complete fertilizer (12-24-12) bawat ektarya. At, 300kg complete fertilizer (N-P-K) bawat ektarya kung lagkitin, ito'y sa unang pag-aabono pagkatanim. Ang lupang lagkitin ay mas nangangailangan ng dagdag na pagpapataba kaya sa ika-3 at ika-4 na buwan kailangang mag-abono muli sa daming 400kg (N-P-K) bawat ektarya. n Ibaon ang seed piece o binhi sa lalim na 5cm. Sundin ang triangular pattern sa pagtatanim at panatilihin ang 30 cm na agwat sa beds ng mga binhi.

Pagkatanim, diliging mabuti ang mga beds o patubigan ang mga kanal sa pagitan ng mga beds. Lagyan ng pangkulob ang ibabaw ng beds, dayami (rice straw) o palapa ng niyog, upang hindi tumubo ang mga damongligaw at mapanatiling mamasa-masa ang taniman. n Kapag nagsisilitaw na ang mga sibol ng luya sa pagitan ng mga pangkulob na dahon (mulch), mag-abono uli sa ikalawang pagkakataon upang mapabilis ang pagtubo ng mga luya. n Sa ika-walong buwan o mas maaga-aga pa rito, depende sa ginger variety, maninilaw na ang mga dahon ng luya, at maaari nang mag-ani. n Bungkalin ang taniman, gumamit ng tinidor (spading fork) upang mabuhaghag ang lupa. Bunutin ang mga tanim. Putulin ang dahon sa pinakapuno, putulin rin ang mga suloy at ugat. Hugasan sa tubig nang ilang beses; huwag hahayaang may maiwang lupa o dumi. Pahanginan, subalit sa malilim na lugar, nang matuyong mabuti at nang di-amagin o mabulok.